Malapit nang mangyari na aakayin ng Aking Mahal na Santo Papang si Benedict ang mga anak ng Diyos mula sa lugar na pinagtapunan sa kanya.

Biyernes, March 29, 2013 @ 08:45 am

Mensahe ng Biyernes Santo 2

Pangalawang Mensahe para sa Biyernes Santo

Pinakamamahal Kong anak, ngayong araw ay huhubugin ang kasaysayan. Sa pag-alaala sa Aking Paghihirap, sa katunaya'y ilalarawan nito ang Pagpapako sa Krus ng Simbahang Katolika.

Sa mga araw bago Ako ipagkanulo sa panahon Ko sa lupa, buong bangis na sinikap ng mga pari ng panahong yun na patunayang nilabag Ko ang pananampalataya.

Kinuha nila ang aking ipinangaral – ang Salita ng Diyos – at binaluktot ito. At ipinakalat nila ang walang-katotohanang tsismis na gusto kong ilayo ang mga tao sa Tunay na Aral ng Simbahan. Nangaral sila sa mga Templo para bantaan ang mga tao na layuan Ako at kung hindi ay baka masaktan ang damdamin ng matataas na mga pari. Binantaan din sila na pag ipinagpatuloy pa nila ang pagpapakalat ng Aking mga Mensahe ay palalayasin sila sa Banal na Templo na parang mga may sakit na ketong. Meron ding mga pagkakakataon na sinabihan ang aking mga disipulo na sila'y aarestuhin at pahihirapan.

Habang nilalapastangan nila ang Espirito Santo – itinanggi nga nila na ang sinasabi ko ay ang Katotohanan at sinabi nila na ang Aking Salita ay galing kay Satanas – patuloy nilang sinasamba ang Diyos sa mga Templo. Nakasuot sila ng mga damit ng hari at naglabanan sila para sa kanilang mga pwesto sa altar ng Templo. Pinatayo nang maraming oras ang mga mababang lingkod habang nakaupo sila sa silyang parang mga trono. Punong-puno ang altar ng mga pinuno ng Simbahan kaya nalito ang mga ordinaryong tao. Inubliga silang magbigay ng parangal sa Diyos sa pamamagitan ng sapilitang pagbibigay ng parangal sa pinakamatataas na mga lingkod ng Diyos. Iginiit ng mga punong saserdote na igalang sila ng mga pumapasok sa Templo. Nagpakita sila ng panlabas na mga tanda ng pag-ibig at kababaang-loob, na dapat lang asahan sa kanila, ngunit nagdamit sila at kumilos na parang mga panginoon sa Bahay ng Aking Ama, sa halip na maging mga katulong, na siya naman talagang papel na dapat nilang gampanan.

Nang ang mga tao'y sumusunod sa akin, takot silang masaktan ang damdamin ng mga Pariseo. Tinakot at binantaan ang mga pari na pag di nila tinigilan ang pagpapakalat ng Aking Salita ay tatanggalan sila ng kanilang mga titulo. Alam naman ng mga ordinaryong tao na pag nahuli silang ikinakalat ang Aking Mga Aral ay mas masaklap pang kapalaran ang aabutin nila.

Ang Pagpapako sa Aking Katawan sa lupa ay ang katuparan ng unang bahagi ng Tipan Ko sa Aking Ama para iligtas ang sangkatauhan.

Nagsisimula naman ngayon ang Pagpapako sa Aking Mistikong Katawan – ang Aking Simbahan sa Lupa – ang simula ng huling pag-uusig, habang lumilinaw na sa lahat ng nakakaalam sa Katotohanan ang masonikong plano na lapastanganin ang Aking Tahanan.

Mauulit ngayon ang kasaysayan, pero di maitatanggi ang Katotohanan. Ngunit ang mga magtatatwa sa Akin, darating ang panahon na babaling din sila sa Akin.

May propesiya na ang Aking Simbahan ang siyang pinakahuling titiranin para alisin ang lahat ng bakas Kong si Jesucristo sa mundo, at ito nga ay nangyayari na. Yun namang mga nakakaalam sa propesiyang ito, sila ang bubuo ng Aking natitirang hukbo at susunod sa Akin. Mananatili silang tapat sa Aking Mga Aral hanggang sa wakas ng panahon.

Walang sinumang makapipigil sa pagkalat ng Tunay na Salita ng Diyos. Wala. Ang paghahari sa Bahay ni Pedro ay magiging maikli, at di magtatagal ay aakayin ng Aking Mahal na Santo Papang si Benedict ang mga anak ng Diyos mula sa lugar na pinagtapunan sa kanya. Si Pedro na Aking Apostol, ang tagapagtatag ng Aking Simbahan sa lupa, ang aakay sa kanya sa mga huling araw ng pighati, habang ipinaglalaban ng Simbahan ang kanya mismong Buhay.

Ang Inyong Jesus

Di sa Aking Mga Paa sila dadapa. Di Aking Mga Paa ang kanilang hahalikan, kundi yung sa Aking mga lingkod, Aking mga alagad, Aking mga makasalanan.

Biyernes, March 29, 2013 @ 07:00 pm

Pinakamamahal Kong anak, nang ipagkanulo Ako ni Judas Iscariot, hinawakan niya ang Aking Ulo at hinalikan Ako sa pisngi. Pag sinasabi ng mga namumuno sa Aking Simbahan na mahal nila Ako, at pagkatapos ay ipinagkakanulo Ako, malinaw mong makikita ang kanilang halik ng pagkakanulo.

Di sa Aking Mga Paa sila dadapa. Di Aking Mga Paa ang kanilang hahalikan, kundi yung sa Aking mga lingkod, Aking mga alagad, Aking mga makasalanan.

Kahanga-hanga ang pagpapakita ng malasakit sa kapwa. Ngunit pag inuuna pa nyo ang pisikal na kabutihan ng tao kaysa mga espiritwal niyang pangangailangan, hindi Akong si Jesucristo ang inyong sinusunod.

Ang Humanismo ay hindi Kristiyanismo. Ang pagiging Kristiyano ay pagsuko ng lahat sa Akin, paghabilin ng inyong sarili ng buong kababaang-loob sa aking Paanan. Ito'y pagsunod sa Aking Mga Batas at ubos-lakas na pagpapakita ng halimbawa ng Aking Pag-ibig sa inyong lahat. Sa araw na ito Ako'y ipinagkanulo.

Di magtatagal ang panlilinlang sa inyo, sapagkat sa oras na salakayin mula sa loob ang Tahanan ng Diyos, wala itong ibubunga kundi kaguluhan. Kailangan nyong pasanin ang inyong Krus at sundan Ako sapagkat malapit na kayong piringan at kayo'y matitisod at matutumba sa kadiliman.

Kung wala ang Liwanag ng Diyos, hindi kayo makakakita.

Ang Inyong Jesus

Ang Muling Pagkabuhay ng aking mahal na Anak ang siyang pinakamahalagang Regalo, sapagkat ang kahulugan nito ay: ang buhay na walang hanggan ay maibibigay sa lahat ng anak ng Diyos.

Sabado, March 30, 2013 @ 08:40 pm

Mga anak ko, ang Muling Pagkabuhay ng aking mahal na Anak ang siyang pinakamahalagang Regalo, sapagkat ang kahulugan nito ay: ang buhay na walang hanggan ay maibibigay sa lahat ng anak ng Diyos.

Sa pagkabuhay mula sa kamatayan, winasak ng aking Anak ang kamatayan. Wala nang kapangyarihan sa inyo ang kamatayan, kung inyong nanaisin. Ang buhay na ibinigay sa inyo ay malapit nang magbago, sapagkat magkakaroon lamang ng iisang Buhay sa Diyos.

Pag nagsanib ang Bagong Langit at ang Bagong Lupa, magkakaroon na lamang ng walang hanggang buhay. Wala nang kamatayan ng katawan, ng isip at ng kaluluwa. Huwag na huwag nyong katatakutan itong bagong Buhay sapagkat palalayain kayo nito. Babaha sa mundo ang pag-ibig na ibubuhos ng Awa ng Aking Anak. Ang napakalaki at napakadakilang grasyang ito ang susunod na hakbang na gagawin ng Diyos upang iligtas sa kamatayan ng kaluluwa ang Kanyang mga anak. Wala nang kamatayan ng katawan pagbaba ng aking Anak kasama ang Bagong Jerusalem.

Kailangang magpakita kayo ng malaking katapangan sa masamang panahong ito, sapagkat malapit nang matapos itong mga pagsubok. Ang tingnan na lamang ninyo ay ang dakilang Buhay na naghihintay sa inyo at ipagdasal nyo na lahat ng kaluluwa ay makatanggap ng Mahimalang Regalong ito.

Ang mga kaluluwang ayaw tumanggap ng Katotohanan ng Walang Hanggang Buhay, ay pipili naman ng walang hanggang parusa sa impiyerno.

Dalawa lang ang pagpipilian, ngunit marami sa mga kaluluwang ito ay naniniwalang may ikatlo pa. Ang mga kasapi sa mga sekta na likha ng kapangyarihan ni masama, ay may maling paniniwala na meron pang ibang mahiwagang buhay kung saan sila'y bibigyan ng malaking kapangyarihan. Naniniwala sila sa mga nagbabalatkayong anghel. Sinasamba nila itong mga nagbabalatkayong anghel. Ang malungkot nito, totoo nga ang mga ito at marami sila, ngunit hindi sila mga anghel ng Diyos. Nagdurusa silang nakakadena sa kailaliman ng Impiyerno ngunit nagagawa pa nilang lokohin ang mga anak ng Diyos na naniniwalang sila'y mga anghel ng Liwanag. Ang tanging Liwanag na kailangan nyong sundan ay ang Liwanag ng Diyos – ang Katotohanan.

Ang Kaharian, ang Bagong Paraisong naghihintay sa inyo, ay yung ipinangako sa inyo ng Diyos, na paghaharian ng aking Anak.

Tanggapin nyo ang Kamay ng aking Anak at papasok kayo sa Paraiso.

Ang Inyong mahal na Ina
Ina ng Diyos
Ina ng Kaligtasan

Ngayong araw, nagdadala Ako ng mga dakilang Grasya sa mundo

Linggo, March 31, 2013 @ 06:40 pm

Pinakamamahal kong anak, ngayong araw, nagdadala Ako ng mga dakilang Grasya sa mundo, habang naliligayahan ako dahil sa pagkakaroon ng pananampalataya sa kabila ng mga pagsubok at pighati na kailangang tiisin ng mga anak ng Diyos sa mundo sa panahong ito.

Ngayong araw, binabago ko ang mukha ng lupa, at pinupuno Ko ng Aking Banal na Espirito ang mga kaluluwang naniniwala sa Akin, ang kanilang mahal na Jesucristo, Manunubos ng buong sangkatauhan. Magdiwang kayo at huwag pansinin ang pasakit na ibinabato sa inyo ni Satanas. Sa halip ay magpakumbaba kayo sa harapan Ko at lubos na magtiwala sa Aking Awa, at poprotektahan ko kayo sa kapahamakan.

Dapat nyong malaman na lahat ng Kapangyarihan ay Akin. Si masama at ang kanyang mga inaalipin ay walang kapangyarihan sa Akin. Ngunit ang kanilang impluwensiya ay sisira sa marami, na hinahayaang bukas ang kanilang sarili sa panloloko ng halimaw.

Naghihintay na sa inyo ang Aking Kaharian, sa lubos nitong Maluwalhating Kaningningan, at halos datnan na kayo ng panahong ito.

Magsikalat kayo, Aking mga alagad, paramihin nyo ang inyong bilang at mag-grupo-grupo kayo, at ipahayag nyo ang Salita ng Diyos, ang Katotohanan, na nakapaloob sa Banal na Bibliya. Balikan nyo ngayon ang mga Ebanghelyo at ipaalala sa mga tao ang mga nilalaman nito, sapagkat naroon ang Salita ng Diyos.

Maraming bagong mga batas ang ipapasok sa inyong mga bansa kung saan magiging imposibleng magkaroon ng Aklat ng Aking Ama. Huwag na huwag nyong tatanggapin ang mga batas na ito dahil itinatatwa Ako ng mga ito. Pag nawalan na kayo ng paraan para magkaroon ng Aking Mga Aral, di na Ako makikilala ng inyong mga anak. Pag ang Aking Mga Aral, ang Mga Batas ng Diyos, ay itinuring na paglabag sa batas, doon nyo malalaman na ang inyong gobiyerno ay inaakay ng kamay ni Satanas.

Huwag kayong papayag na kunin kayong parang mga alipin. Huwag kayong sasailalim sa mga walang katwirang batas na di kumikilala sa inyong malayang kalooban. Huwag na huwag nyong kalilimutan na kayo'y ipinanganak na may regalong malayang kalooban – isang Regalo mula sa Diyos.

Ang sinumang tao na nag-aalis ng inyong malayang kalooban ay di kumikilala sa Diyos. Anumang Gobiyerno o bansa na di kumikilala sa inyong malayang kalooban ay inaakay ni Satanas. Kayong mga minamahal Kong mga alagad, nalinlang kayo ng mga satanikong impluwensiya sa pamamagitan ng mga bansang yun na nagmamanipula ng inyong mga banko, ng inyong mga Gobiyerno at ng inyong pagkukunan ng pagkain.

Darating ang panahon na ang paghihirap na nararanasan nyo ngayon ay dadagdagan pa ng mga ito, ngunit biglang-bigla at di inaasahang darating ang matinding parusang wawasak sa kapangyarihan ng mga gobyernong ito. Magiging mabilis ang pakikialam ng Diyos, at ang masasamang mga sektang yun ay gagapang gamit ang kamay at tuhod at sila'y hihiyaw sa takot sa parusang babagsak sa kanila dahil sa kanilang masasamang gawain.

Kayong mga minamahal Kong mga alagad, Manalig kayo sa Akin at maging matatag. Ngayong araw ay binibiyayaan Ko kayo ng isang natatanging Regalo, ang Regalo ng Pagtitiyaga. Malalaman nyong nabiyayaan kayo ng Regalong ito dahil magiging di-natitinag ang inyong pasensya. Kahit kayo'y magugulat sa inyong determinasyong sundin ang Loob Kong Banal, at pagdating ng panahon para lantaran nyong ihayag ang inyong patotoo sa Aking Pangalawang Pagdating, wala nang takot na matitira sa inyo. Sa halip, ang pag-ibig nyo para sa Akin ay makikita bilang isang natatanging pagmamahal para sa inyong kapwa. Makikita nyo na sila kung paano sila nakikita ng Mga Mata ng Aking Ama, bilang mga bunso. Tataba ang inyong puso sa pagmamahal at maaantig kayo dahil makakaramdam kayo sa inyong puso ng pagmamahal pati sa mga kaaway na naghahari sa inyong mga bansa sa utos ng halimaw.

Ang pag-ibig na ito ay magpapabalik-loob sa mga may poot sa kanilang mga kaluluwa. Ang inyong mga panalangin para sa mga kaluluwang yun ay magbibigay ng kaligtasan sa parusang sana'y haharapin nila sa araw ng kaparusahan pagdating Ko para maghusga.

Ang Regalo ng Pagtitiyaga, na ibinibigay Ko sa inyo ngayong araw, ay sasagip ng mga kaluluwa, sapagkat bawat Regalong dala Ko ay iisa lamang ang pakay, at ito'y ang sagipin ang lahat ng kaluluwa para tayo'y magkaisa, bilang isang Banal na Pamilya, sa Bagong Paraiso sa lupa.

Ang Inyong Jesus